Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Sta. Cruz

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-4 NG AGOSTO, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco............... | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas.............. | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez............. | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat.......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison............... | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor.......... | Kagawad |

DI-DUMALO:

W A L A

KAPASIYAHAN BLG. 168-T'97

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 20-T'97 NG SANGGUNIANG BARANGAY III NA ITINUTUGMA ANG PONDO SA MENTINANSYA NG PASILIDAD NG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG WALONG LIBONG PISO (P8,000.00) UPANG ILAAN SA MENTINANSYA NG SASAKYAN (SERVICE PATROL) NG NABANGGIT NA BARANGAY.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng Sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 20-T'97 ng Sangguniang Barangay III na may layuning itugma ang pondo ng mentinansya ng pasilidad sa barangay upang ilaan sa mentinansya ng sasakyan (service patrol) ng nabanggit na barangay;

SAPAGKA'T, matapos na ito ay masuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at mapatunayang hindi ito sumisinsay sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet ng barangay ay ipinasya ng Lupon sa Pananalapi na irekomendang pagtibayin ito.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Celestino D. Pamatmat at Louie C. de Leon at sa pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 20-T'97 ng Sang. Brgy. III na itinutugma ang pondo sa mentinansya ng pasilidad sa barangay na nagkakahalaga ng P8,000.00 upang ilaan sa mentinansya ng sasakyan (service patrol) ng nabanggit na barangay.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanlang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Sandicho
JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapabgulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN